Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 21 NG MARSO, 2001,MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................................ | Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................................ | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................................ | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |

*KAPASIYAHAN BLG. 130-T'2001*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PANGALAWANG PUNONG LALAWIGAN DAN FERNANDEZ NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CCRUZ, LAGUNA NG ISANDAA'T APAT (104) NA BALDE (TIN CAN) NG BOYSEN PAINT UPANG IPAMAHAGI SA MGA BARANGAY NA SAKOP NG BAYANG ITO PARA SA PATULOY NA PAGSASAGAWA NG PROGRAMANG KALINISAN AT KAGANDAHAN NG KAPALIGIRAN.*

*SAPAGKA'T*, matapat na hangarin ng mga namumuno sa bayan ng Santa Cruz, Laguna na patuloy na maitaas ang bayang ito bilang isa sa mga maunlad na bayan sa bansa;

*SAPAGKA'T*, kinilala ang bayang ito bilang isa sa hanay ng mga malilinis na bayan sa lalawigan, sa rehiyon at sa bansa;

*SAPAGKA'T*, kailangan ang mga kagamitan para sa pagsulong at pagsasagawa ng programa ukol sa kalinisan;

*SAPAGKA'T*, kulang at di sapat ang pagkakaroon ng pintura upang magamit sa patuloy na pagpapaganda ng kapaligiran.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa kapakanang pangkagalingan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Pangalawang Punong Lalawigan Dan Fernandez na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng 104 balde (tin can) ng Boysen Paint upang ipamahagi sa mga barangay na sakop ng bayang ito para sa patuloy na pagsasagawa ng programang kalinisan at kagandahan ng kapaligiran.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito Kgg. Pang. Punong Lalawigan Dan Fernandez at Kgg. Punong Bayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan